# PAGSASALIKSIK SA LUMANG TIPAN

## SAGOT SA MGA TANONG SA PAGSUSULIT

shepherds
GLOBAL CLASSROOM

# Leksiyon 1
# Panimula sa Lumang Tipan

Panimula sa Lumang Tipan1. Ano ang kahulugan ng salitang "canon" kapag tumutukoy sa Biblia?

Isang utos o panuntunan upang alamin kung aling mga isinulat ang kinasihang Salita ng Dios.

2.Maglista ng tatlong pamantayang ginamit sa pagtatatag/pagbuo Hebvng canon ng Lumang Tpan.

- Ang sumulat ay may kaloob bilang isang propeta.
- Ang aklat ay nakalaan sa lahat ng henerasyon.
- Ang mensahe ay hindi sumasalungat sa mga naunang kapahayagan.

3. Ilista ang tatlong dibisyon ng Hebreyong Biblia.

- Ang Kautusan
- Ang Mga Propeta
- Ang Mga Isinulat

4. Ilista ang limang pangunahing dibisyon ng Kristiyanong Lumang Tipan.

- Pentateuch
- Mga Aklat ng Kasaysayan
- Tula at Karunungan
- Major Prophets
- Minor Prophets

5. Ano ang kahulugan ng terminong "banal na pagkasi"?

"Hiningahan ng Dios"

6. Ano ang kahulugan ng mga salitang "walang pagkakamali" at "hindi magkakamali"?

- Walang pagkakamali/inerrant ay nangangahulugang walang mali.
- Infallible ay nangangahulugang hindi ito maaaring magkamali.

7. Paano ipinapakita ng Dead Sea Scrolls ang integridad/tekstuwal na pagiging mapagkakatiwalaan ng Lumang Tipan?

Ipinapakita nito na ang Lumang Tipan ay kinopya nang may mataas na antas ng pagiging tiyak at tama sa loob ng daang taon.

8. Maglista ng tatlong paraan kung paano nangungusap ang Lumang Taon sa panahon natin ngayon.

- Itinuturo nito ang kaluwalhatian at kabanalan ng Dios.
- Itinuturo nito ang kasalanan ng tao at ang pangangailangan niya ng isang tagapagligtas.
- Itinuturo nito ang plano ng Dios na lumikha ng isang banal na bayan na ibinukod bilang kanyang espesyal na pag-aari.

# Leksiyon 2
# Genesis: Sa Pasimula

1. Ang Hebreong salitang Torah ay nangangahulugang ___________.

    "Upang magturo" o "Ang Batas"

2. Paano ipinakilala si Jesus sa bawat isang aklat ng Pentateuch?

- Genesis: Ikalawang Adan
- Exodo: Ang Kordero ng Paskuwa
- Levitico: Perpektong Sakripisyo/Alay
- Bilang: Ang Tansong Ahas
- Deuteronomio: Ang Darating na Propeta

3. Maglista ng apat na tema sa Lumang Tipan na ipinakilala sa Pentateuch.

- Soberenya ng Dios
- Pagiging Makasalanan ng Tao
- Ang Plano ng Pagliligtas ng Dios
- Kabanalan

4. Ang tema ng Genesis ay ___________________________.

    "Sa pasimula.."

5. Ang dalawang pangunahing seksiyon ng Genesis ay __________ at ______________.

- Kasaysayan mula sa Paglikha (1-11)
- Kasaysayan ng mga Patriyarka (12-50)

6. Ilista ang apat na pangunahing pangyayari sa Genesis 1-11.

- Paglikha
- Pagkahulog sa kasalanan
- Ang Baha
- Ang Tore ng Babel

7. Ilista ang apat na pangunahing tauhan sa Genesis 12-50.

- Abraham
- Isaac
- Jacob
- Jose

8. Sa isang pangungusap bawat isa, ibuod ang tatlong aspeto ng pakikipagtipan kay Abraham.

- Gen 12: Gagawin ng Dios na ang mga salinlahi ni Abraham ay magiging pagpapala sa lahat ng bansa.
- Gen 15: Inilalagay ng Dios ang kanyang sarili sa isang sumpaan sa dugo ng walang hanggang tipan.
- Gen. 17: Ang pagtutuli ay ang tanda ng pananampalataya sa tipan.

9. Ilista ang tatlong bagay na itinuturo ng Genesis tungkol sa paglikha.

- Nilikha ng Dios ang mundo mula sa wala.
- Mayroon lamang isang soberenyang/pinakamakapangyarihang Dios.
- Ang tao ay nilikha sa wangis ng Dios.

10. Maglista ng tatlong paraan kung paano nangungusap ang Genesis sa contemporary church/napapanauhong iglesya.

- Mahalaga ang buhay ng tao.
- Tungkulin ng tao na pangalagaan ang ating mundo.
- Ang iglesya ay may atas upang mag-ebanghelyo at magdisipulo.

# Leksiyon 3
# Exodo–Deuteronomio:

1. Ano ang mas malamang na petsa ng pag-alis ng Israel mula sa Egipto?

 1446 B.C.

2. Maglista ng mga tema para sa bawat aklat:

- Exodo: Katubusan at Relasyon
- Levitico: Kabanalan
- Mga Bilang: Mga Bunga ng Pagsuway
- Deuteronomio: Pagpapanumbalik ng Tipan

3.Ang dalawang pangunahing bahagi ng Exodo ay ang _______________ at _____________________.

- Pagtubos mula sa Egipto (1-15)
- Relasyon/kaugnayan kay Jehovah (16-40)

4. Sa Exodo, ang apat na pangyayari na nagpapakita ng pagliligtas sa Israel mula sa Egipto ay ang mga sumusunod:

- Kapanganakan at pagtawag kay Moises
- Sampung Salot
- Paskuwa
- Pagtawid sa Dagat na Pula

5. Sa Exodo, ang dalawang pangyayari na nagmarka ng pagtatatag ng relasyon sa pagitan ni Jehovah at Israel ay ang mga sumusunod:

- Pagbibigay ng Sampung Utos
- Pagtatayo ng Tabernakulo

6. Tukuyin ang bawat paghahandog/kaloob mula sa Levitico.

- **Paghahandog ng butil**: ang kaloob na regalo na kasabay ng iba pang handog
- **Handog na sinusunog**: ang pangunahing handog sa Lumang Tipan
- **Handog bayad para sa kasalanang nagawa**: tumutukoy sa paglabag na nangangailangan ng pagbabayad
- **Handog bayad sa pagkakamali:** pagbabayad para sa hindi sinasadyang paglabag sa kautusan
- **Handog pangkapayapaan**: pagdiriwang ng pagsasama ng sumasamba at ng Dios

7. Ang ___**Kodigo ng Kabanalan**_____ ng Levitico 17-27 ay nagtuturo sa Israel kung paano mamuhay sa isang paraan na nagpapakita ng kabanalan sa pang-araw-araw na buhay.

8. Ang apat na hakbang sa pagsasabuhay ng kautusan ng Lumang Tipan sa panahon natin ngayon ay ang mga sumusunod:

- Basahin ang batas ng Lumang Tipan.
- Hanapin ang prinsipyong itinuturo o ang aspeto ng karakter ng Dios na ipinahahayag.
- Humanap ng mga pagbabago sa pagsasabuhay bunga ng pagdating ni Cristo.
- Alamin ang modernong ginagawa ayon sa batas ng Lumang Tipan.

9. Ang tatlong pangunahing bahagi ng Mga Bilang ay ang ________________________, __________________, at ________________.

- Ang Israel sa Sinai
- Ang Israel sa Ilang/Disyerto
- Ang Israel sa Kapatagan ng Moab

10. Ang tatlong talumpati ni Moises sa Deuteronomio ay ang mga sumusunod:

- Pangkasaysayan: Ano ang ginawa ng Dios
- Legal: Ano ang hinihingi ng Dios
- Propesiya: Ano ang Gagawin ng Dios

# Leksiyon 4
# Josue – Ruth

1. . Ano ang pangalan ng mga aklat ng kasaysayan sa Hebreong Biblia?

    Ang Mga Naunang Propeta

2. Ipaliwanag ang "theocracy."

    Direktang pamamahala/pamumuno ng Dios.

3. Ilista ang tema ng bawat aklat:

- Josue: Ang Pagsakop sa Canaan
- Mga Hukom: Pagtalikod sa Dios ng Israel
- Ruth: Katapatan sa Panahon ng Pagtalikod sa Dios

4. Ang dalawang pangunahinig bahagi ng Josue ay ang mga sumusunod:

- Ang pagsakop sa Canaan
- Ang paninirahan sa Canaan

5. Ano ang pangunahing layunin ng aklat ng Josue?

    Upang ipakita ang katapatan ng Dios sa Israel habang sila ay hindi matapat sa kanya.

6. Ano ang layunin ng mga Lunsod na Kublihan?

    Upang protektahan ang isang taong nakapatay nang hindi sinasadya.

7. Maglista ng apat na prinsipyo na dapat isa-alang-alang sa pag-aaral ng Pakikidigma ni Yahweh sa Josue.

- Isinasalamin ng Pakikidigma ni Yahweh ang pagiging makatarungan ng Dios.
- Isinasalamin ng Pakikidigma ni Yahweh ang soberenya/pagiging pinakamakapangyarihan ng Dios.
- Isinasalamin ng Pakikidigma ni Yahweh ang kabanalan ng Dios.
- Isinasalamin ng Pakikidigma ni Yahweh ang pag-ibig ng Dios.

8. Ano ang pangunahing layunin ng Mga Hukom?

    Upang ipakita ang resulta o bunga ng pagtalikod ng Israel sa Dios.

9. Ano ang apat na hakbang sa cycles ng apostasy at pagliligtas sa Mga Hukom?

- Kasalanan
- Digmaan bilang hatol
- Pagsisisi
- Pagliligtas

10. Ipaliwanag ang "levirate marriage."

Pag-aasawa ng isang malapit na kamag-anak sa isang balong babae para sa layuning ipagpatuloy ang pangalan at mana ng unang asawang lalaki.

# Leksiyon 5
# Samuel – Cronica

1. Ilista ang tema ng bawat aklat.

- 1 Samuel: Ang simula ng monarkiya ng Israel
- 2 Samuel: Ang paghahari ni Haring David
- 1 at 2 Mga Hari: Ang Pagkabigo ng mga Hari ng Israel
- 1 at 2 Cronica: May pag-asa pa

2. Maglista ng tatlong pangyayari sa mga unang araw ng pamamahala ni Saul na nagpapakita ng kanyang kabiguan na maging hari na nais ng Dios.

- Kinuha niya ang gawaing pagkasaserdote ni Samuel.
- Gumawa siya ng isang madaliang pangako na halos nagresulta sa kamatayan n Jonathan.
- Nilabag niya ang utos ng Dios na lubusang puksain ang mga Amelecita.

3. Ilista ang limang pangako sa Tipan kay David.

- Maghahanda ang Dios ng isang matibay na titirhan para sa Israel.
- Itatayo ng Dios ang anak ni David upang itayo ang templo.
- Itatatag ng Dios ang kaharian ni David sa habangpanahon.
- Itatatag ng Dios ang relasyong ama-at-anak sa mga salinlahi ni David.
- Ang awa/biyaya ng Dios ay hindi lilisan sa lahi ni David.

4. Maglista ng apat na prinsipyo mula sa kasalanan ni David na dapat maging gabay ng mga mananampalataya na nahuhulog sa kasalanan.

- Dapat nating ipahayag ang ating kasalanan.
- Dapat nating ipahayag ang pagiging seryoso ng ating kasalanan.
- Dapat nating hanapin at paniwalaang tatanggapin natin ang kapatawaran ng Dios.
- Dapat nating maunawaan ang pangmatagalang halaga ng ating kasalanan.

5. Ang 1 at 2 Mga Hari ay sumasakop sa mga taong __________ hanggang ___________.

971 hanggang 561 B.C.

6. Pagkatapos na mahati ang Israel, aling lipi ang nanatiling tapat sa haring lahi ni David?

Ang Juda at Benjamin

7. Paano sinusuri/pinahahalagahan ang mga hari sa 1 at 2 Mga Hari?

Ayon sa kanilang katapatan sa Dios.

8. Paghambingin ang nilalaman ng Cronica at Mga Hari tungkol sa mga hari ng Juda.

- Itinatanong ng Mga Hari, “Ang hari ba ay lumakad sa landas ni David?”
- Itinatanong ng mga Cronica, “Matapat ba ang hari sa pagsamba sa templo?”

9. Bkit mahalaga ang paghahari ni Solomon sa Mga Cronica?

Siya ang nagtayo sa templo.

10. Paghambingin ang nilalaman ng Cronica at mga Hari tungkol kay Manases.

- Ipinapakita ng Mga Hari na si Manases ang pinakamasamang hari sa mga hari ng Juda.
- Ipinapahayag ng Mga Cronica ang pagsisisi ni Manases habang siya’y nakakulong.

# Leksiyon 6
# Ezra – Esther

1. Ilista ang mga petsa para sa mga pangunahing pangyayari sa panahon ng pagpapanumbalik.

- Ang unang pagbabalik na pinangunahan ni Zerubbabel**:538 BC**
- Pagkayari ng templo: **516 BC**
- Mga pangyayari sa Ester: **483-473 BC**
- Pangalawang pagbabalik sa pangunguna ni Ezra:**458 BC**
- Pagbabalik ni Nehemias: **444 BC**

2. Ilista ang tema ng bawat aklat:

- Ezra: Pagbabalik mula sa Pagkabilanggo
- Nehemias: Muling pagtatayo ng Pader
- Ester: Ang Dios ang May Kontrol

3. Maglista ng dalawang pagkakapareho sa pagitan ng aklat ng Ezra at Nehemias. Kahit aling dalawa:

- Pareho ang kanilang kalagayang pangkasaysayan.
- Parehong nagpapahayag ng pagbalik sa Jerusalem sa ilalim ni Artaxerxes I ng Persia.
- Pareho silang nagtataglay ng listahan ng mga Judio.
- Binigyang buod ng Nehemias 7-13 ang mga pagbabagong ginawa nina Ezra at Nehemias.

4. Ang emperyo ng ___**Persia**_____ ay pumayag na manatili ang mga nasakop nilang bansa sa kanilang sariling bayan.

5. Ang mga "Propeta sa Templo" na naghikayat sa muling pagtatayo ng templo ay sina ___**Hageo**___ at ___**Zacarias**_____.

6. Bakit ang pag-aasawa sa pagitan ng mga Hudio at ng mga kalapit-bayan ay naging seryosong usapin para kay Ezra at Nehemias?

- Ang mga kalapit-bayan ng Jerusalem ay hindi mananampalataya.
- Ang Persia ay syncretistic.(pinaghalo ang pagsamba sa dios-diosan at sa Dios ng Israel.

7. Sinong minor propet ang tumalakay sa parehong usapin katulad ni Nehemias?

Si Malakias

8. Maglista ng tatlong prinsipyo sa pangunguna na natutuhan mula sa Nehemias.

Kahit aling tatlo:

- Ang mga tagapangunang espirituwal ay dapat magkaroon ng pangitain.
- Ang mga tagapangunang espirituwal ay dapat maingat sa pagpaplano.
- Ang mga tagapangunang espirituwal ay dapat taong may katapangan.
- Ang mga tagapangunang espirituwal ay dapat magtaglay ng espiritu ng paglilingkod, hindi espiritu ng pagkakaroon ng karapatan.
- Nalalaman ng mga tagapangunang espirituwal ang kahalagahan ng pananalangin.
- Ang mga tagapangunang espirituwal ay may kakayahang magbago upang makiayon sa pangangailangan ng bawat sitwasyon.

9. Maglista ng tatlong pangunahing leksiyong itinuro sa Ester.

- Ang soberenya/pagiging pinakamakapangyarihan ng Dios.
- Ang kahalagahan ng katapatan
- Ang kahangalan ng pagiging masama.

10. Ang pista ng mga Judio na iniuugnay sa aklat ng Ester ay ang __**Ang Purim**____.

# Leksiyon 7
# Job and Mga Awit : Hebreong Tula

1. Ipaliwanag ang tatlong uri ng Hebreong paralelismo.

- Synonymous parallelism: pinatitibay ng ikalawang linya ang unang linya gamit ang magkakaparehong salita.
- Antithetic parallelism: ang unang linya ay inihahambing sa ikalawang linya.
- Synthetic parallelism: Ang ikalawang linya ay nagdadagdag sa kaisipan ng unang linya.

2. Ipaliwanag ang acrostikong tula.

   Ang bawat verse ay nagsisimula sa sumusunod na letra ng alpabeto.

3. Ano ang pangunahing tema ng aklat n Job?

   Isang paghahanap sa Dios

4. Ano ang tatlong pangunahing punto sa argumento ng mga kaibigan ni Job?

- Ang paghihirap ay dumarating bilang parusa o pagtutuwid sa kasalanan.
- Ang Dios ay makatarungang Dios.
- Samakatuwid, si Job ay guilty/may nagawang kasalanan na siyang dahilan kung bakit siya pinarurusahan ng Dios.

5. Ano ang mga paksa sa mga salaysay/talumpati ni Job sa Job 28-31?

- Ang Job 28 ay isang talumpati sa karunungan.
- Ang Job 29 ay ang larawan ni Job ng kanyang buhay bago ang mga kaganapan sa paunang bahagi.
- Ang Job 30 ay ang paglalarawan ni Job ng kanyang paghihirap.
- Ang Job 31 ay ang patotoo ni Job sa kanyang pagiging inosente.

6. Ano ang tatlong uri ng impormasyong makikita sa pamagat ng indibidwal na mga awit?

- Ang sumulat
- Ang Kalagayang pangkasaysayan
- Mga tagubilin sa musika at pagbubulay/liturgy

7. Ano ang apat na elemento na nakapaloob sa karamihan ng mga awit ng panaghoy?

- Paglalarawan ng reklamo
- Pagdaing sa Dios
- Paghahayag ng pagtitiwala sa Dios
- Pagpupuri sa Dios

8. Maglista ng tatlong prinsipyo upang maunawaan ang mga awit ng pagsusumpa/imprecation.

- Ang mga ito ay batay sa prinsipyo ng paghahasik at pag-aani.
- Ang mga kaaway ng Israel sa huli ay mga kaaway ng Dios.
- Hindi inilalagay ng mga salmista ang mga pangyayari sa kanilang sariling mga kamay.

9. Ano ang relasyon sa pagitan ng maharlika at mga awit tungkol sa Mesiyas?

Marami sa mga maharlikang salmo ay naglalarawan ng unibersal na batas na hindi kailanman natupad sa kasaysayan ng Israel. Ang mga ito ay natupad sa buhay at ministeryo ni Jesukristo.

# Leksiyon 8
# Kawikaan–Mangangaral

1. Ayon kay John Calvin, ang tunay na karunungan ay binubuo ng anong dalawang bagay?

- Kaalaman tungkol sa Dios
- Kaalaman tungkol sa ating mga sarili

2. Ilista ang dalawa sa apat na katangian ng isang kawikaan na ibinigay sa leksiyong ito.

Kahit aling dalawa:

- Ang isang kawikaan ay nagpapahayag ng isang pangkalahatang prinsipyo.
- Ang isang kawikaan ay batay sa karanasan sa buhay.
- Ang kawikaan ay hindi isang pangako; ito ay isang pangkalahatang obserbasyon tungkol sa buhay.
- Ang kawikaan ay hindi isang kautusan.

3. Ano ang pinaka karaniwang uri ng kawikaan sa Koleksyon 1 (Kawikaan 1–9)?

Mga Kawikaan sa anyong talumpati.

4. Ilista ang apat sa pitong mga katanungan na ibinigay sa leksiyong ito para sa pagbibigay kahulugan sa Kawikaan.

- "Ang kawikaan bang ito ay tumuturo patungo sa karunungan o patungo sa kahangalan?"
- "Ano ang idinadagdag ng ikalawang bahagi ng kawikaan sa unang kalahating bahagi nito?"
- "Ano ang pinagmumulan ng karunungan sa kawikaang ito?"
- "Paano nailalapat ang kawikaang ito sa aking sitwasyon?"
- "Mayroon bang ibang verses sa Kawikaan na kaugnay sa paksa na aking pinag-aaralan?
- "May iba bang aklat sa Biblia na tumatalakay sa paksang aking pinag-aaralan?"
- "Mayroon bang tauhan sa Biblia na naglalarawan sa kawikaan na aking pinag-aaralan?"

5. Ano ang pangunahing pagkakaiba sa pagitan ng “walang alam” at ng “hangal” sa Kawikaan?

Ang walang alam ay maaaring turuan upang matuto, subali’t ang hangal ay umaayaw sa karunungan at mga panuntunan.

6. Ano ang pangunahing tema ng Mangangaral?

Isang paghahanap para sa kahulugan ng buhay

7. Ano ang dalawang motifs/paksa na nababakas sa Mangangaral?

- Vanity/pagmamahal sa sarili
- Joy/Kaligayahan

8. Ano ang dalawang paraan sa pagbibigay kahulugan sa Awit ng Mga Awit?

- Allegory/Alegorya
- Poetic/Patula

# Leksiyon 9
# Isaias: Ang ikalimang Ebanghelyo

1. Ang talatang ________________________ ay nagpapakita na ang mga propeta ay nagdadala ng Salita ng Dios, hindi ng kanilang sariling mensahe.

"At sinabi ng Panginoon…"

2. Ang paggamit ng pangalang ___**"Seer" - nakakikita**____ upang ilarawan ang mga propeta ay nagpapakita na inihayag ng Dios ang mga katotohanan sa hinaharap sa kanyang mga propeta.

3. Ilista ang tatlong tema na lumitaw sa lahat ng propetikong aklat.

- Katapatan sa tipan
- Ang Araw ng Panginoon
- Ang Pagdating ng Mesiyas

4. Ang araw ng Panginoon ay may tatlong aspeto. Ano-ano ang mga ito?

- Ang panahon ng paghatol sa mga di-mananampalataya.
- Ang panahon ng paglilinis sa bayan ng Dios.
- Ang panahon ng pagliligtas sa mga matapat.

5. Naglingkod si Isaias sa panahon ng paghahari ng sinong apat na hari ng Juda?

- Si Jotham,
- Si Ahaz,
- Si Hezekias
- Si Manases

6. Ilista ang dalawang layunin para sa aklat ng Isaias.

- Bigyan ng babala ang Juda tungkol sa darating na paghuhukom.
- Bigyan ng kaaliwan ang Juda gamit ang pangako ng kaligtasan.

7. Sino ang natira ayon sa aklat ni Isaias?

Ang mga matapat sa Dios sa kabila ng pagtalikod sa Dios ng buong bansa sa pangkalahatan.

8. Ano ang ginamit na pangalan ng Dios sa Isaias upang maipakita ang kabanalan ng Dios at ang soberenya ng Dios?

Ang Banal ng Israel

9. Ilista ang tatlong mga kadahilanan upang tanggapin si Isaias bilang may-akda ng buong aklat ng Isaias.

- Isaias 1:1 - tinukoy si Isaias bilang siyang sumulat.
- Lahat ng kopya ng Hebreo ay nagpapakita sa aklat bilang iisang aklat.
- Ang mga manunulat ng Bagong Tipan ay tinatanggap si Isaias bilang sumulat ng buong aklat.

10. Maglista ng dalawang mga larawan mula kay Isaias na ginamit sa Bagong Tipan.

Kahit aling dalawa:

- Si Juan Bautista bilang ang tinig na sumisigaw sa ilang
- Ang kapanganakan ni Jesus sa isang birhen
- Paggamit ni Jesus ng mga talinhaga
- Ministeryo ni Jesus sa mga Hentil
- Ang pagbabalik-loob ng mga bansa

# Leksiyon 10
# Jeremias & Mga Panaghoy

1. Bakit tinawag si Jeremias bilang “ang Tumatangis na Propeta?”

    Dahil sa kanyang kalungkutan dahil sa kasalanan ng bayan ng Dios at sa pagkasira ng lunsod ng Dios

2. Ano ang pinagmulang pamilya ni Jeremias?

    Ang kanyang ama ay isang saserdote mula sa Anatot

3. Itala ang mga petsa para sa tatlong grupo na binihag. Para sa unang dalawang grupo, magpangalan ng isang propetang binihag.

- 605 B.C. Daniel
- 597 B.C. Ezekiel
- 586 B.C.

4. Ano ang mga pangunahing layunin ng Jeremias at Mga Panaghoy?

- Bigyang babala ang Juda sa darating na paghatol
- Itala ang pagkawasak ng Jerusalem

5. Ano ang isang “propetikong pagsasakdal”?

    Ang pagsasakdal ng mga propeta na ang Israel ay sumira na sa kanyang tipan sa Dios.

6. Ano ang mga “pagtatapat ni Jeremias”?

    Mga panalangin kung saan inireklamo ni Jeremias sa Dios ang pagiging matigas ang ulo at puso ng kanyang mga tagapakinig.

7. Ano ang “Aklat ng Kaaliwan” sa Jeremias?

    Mga kabanata na nangangako na muling ibabalik ng Dios ang Juda sa lupain.

8. Anong anyo ng tula ang ginamit sa kabanata 4 at 5 ng Mga Panaghoy?

    Acrostic poetry/Tulang arcrostic

# Leksiyon 11
# Si Ezekiel at Daniel

1. Ano ang kahulugan ng pangalang Ezekiel?

    "Pinalakas ng Dios"

2. Ano ang layunin ng aklat ng Ezekiel?

    Upang magdala ng mensahe ng pag-asa – hindi pa sumuko ng Dios sa kanyang bayan

3. Ano ang pagkakatulad ng Ezekiel sa Sermon sa Templo ni Jeremias?

    Ang paglisan ng kaluwalhatian ng Dios mula sa Templo (Ezek. 10-11).

4. Ilista ang limang maaaring pagpilian para sa pagbibigay kahulugan sa pangitain ni Ezekiel ng isang bagong templo.

- Ang pangako ng pisikal na muling pagtatayo ng templo matapos na bumalik ang Israel sa Jerusalem.
- Isang larawan ng libong taon sa mundo.
- Isang larawan ng ginagawa ng Dios sa iglesya.
- Isang metaphor para sa presensiya ng Dios sa kanyang bayan sa bagong langit at bagong lupa.
- Isang pangitain na nagtataglay kapwa ng literal at simbolikong mga elemento.

5. Si Ezekiel ay dinala sa Babilonia noong ____**597**_____ B.C. Si Daniel ay dinala sa Babilonia noong ____**605**_____ B.C.

6. Ano ang tatlong tema ang pangunahing sentro ng Aklat ng Daniel?

- Ang soberenya/sovereignty ng Dios sa buong kasaysayan ng tao.
- Ang pagmamataas ng sangkatauhan.
- Ang sa wakas na tagumpay ng bayan ng Dios.

7. Ano ang dalawang wika na ginamit sa Aklat ng Daniel?

- Hebreo at Aramaic

8. Sa tradisyunal na pagbibigay kahulugan, aling emperyo ang kumakatawan sa bawat isa sa mga larawang ito?

- Isang leon na may pakpak ng agila**: Babilonia**
- Katulad ng isang oso: **Medo-Persia**
- Isang lalaking kambing na may isang malaking sungay: **Gresya**
- Mga binting bakal, paang bakal, at putik**: Rome**
- Isang bato na naging isang malaking bundok: **Ang kaharian ng Dios**

9. Aling aklat sa Biblia ang pangunahin o bahagyang binubuo ng apocalyptic writing/kasulatan tungkol sa huling mga araw?

- Ang Daniel at Pahayag ay mga aklat tungkol sa mga huling araw.
- Ang ilang bahagi ng Ezekiel at Zacarias ay tungkol sa mga huling araw.

10. Aling aklat ng Bagong Tipan ang bumanggit nang madalas sa aklat ng Ezekiel at Daniel?

Aklat ng Pahayag

# Leksiyon 12
# Minor Prophets I: Hosea, Joel, Amos

1. Ano ang tawag sa Mga Minor na Propeta sa Hebreong Biblia?

   Ang Aklat ng Labindalawa

2. Ano ang pagkakaiba ng mga Major Prophets at Mga Minor Prophets?

   Ang Minor prophets ay mas maliliit/mas maiigsing mga aklat.

3. Ilarawan ang mga kondisyong pang-ekonomiya at pang-espiritwal ng Kaharian sa Hilaga sa panahon ng ika-8 siglo B.C.

   Masagana ang ekonomiya at espirituwal na pagtalikod sa Dios/apostasy

4. Ano ang pangunahing layunin para sa Hosea?

   Upang komprontahin ang Israel sa kanyang espirituwal na pangangalunya.

5. Ano ang mga propesiya sa bawat pangalan ng anak ni Hosea para sa Israel?

   - Jezreel – ang lambak kung saan tatalunin ng Asiria ang Israel
   - Lo-Ruhamah – Walang Awa
   - Lo-Ammi - Hindi sila bayan ko

6. . Sa Lumang Tipan, ano ang kahulugan ng salitang "kilala"?

   Ang "makilala"/ "kilala" ay isang salitang naghahayag ng relasyon sa Lumang Tipan. Ito ay nangangahulugan na "maranasan."

7. Ano ang pangunahing tema ng Joel?

   Ang Araw ng Panginoon

8. Sa Joel, ano ang kalamidad na nagpapakita ng propesiya ng darating na paghuhukom?

   Isang salot ng mga balang.

9. Ayon sa Bagong Tipan, kailan natupad ang propesiya ni Joel sa isang parating na muling pagbuhay sa espiritwal na kalagayan?

   Sa Araw ng Pentekostes/Araw na Dumating ang Espiritu Santo

10. Ano ang layunin ng Aklat ng Amos?

   Upang ipahayag ang paghatol ng Dios sa Israel dahil sa kanyang di-matuwid na pag-uugali—kapwa sa Dios at sa kanyang kapwa.

11. Ilista ang limang pangitain ng paghuhukom sa Amos at ibigay ang kahulugan ng mga ito.

- Ang salot ng balang ay nangangahulugan ng pagkawasak ng Israel.
- Ang apoy ay nangangahulugan ng pagkawasak ng Israel.
- Ang plumb line ay nagpapakita na ang Israel ay baluktot.
- Ang basket ng hinog na prutas ay nagpapakita na ang Israel ay hinog na para sa agarang paghatol.
- Ang Dios na nakatayo sa tabi ng altar ay nangangahulugan na tiyak ang paghatol.

# Leksiyon 13
# Obadias-Zefanias

1. Ano ang layunin ng aklat ng Obadias?

Upang ihula/ipropesiya ang pagkawasak ng Edom dahil sa kanyang kalupitan sa Juda sa panahon ng pananakop ng Babilonia sa Jerusalem.

2. Ano ang tema ng aklat ni Jonas?

Ang awa/biyaya ng Dios sa lahat ng tao.

3. Maglista ng dalawang paraan kung paano ipinapakita sa aklat ng Jonas ang soberenya ng Dios.

Kahit aling dalawa:

- Nagpadala ang Dios ng malakas na hangin na naging banta sa barko.
- Naghanda ang Dios ng malaking isda upang lulunin si Jonas.
- Naghanda ang Dios ng baging na halaman upang maging silungan ni Jonas.
- Naghanda ang Dios ng isang uod upang sirain ang halaman.

4. Ano ang dalawang leksiyong itinuturo sa aklat ng Jonas?

Isang leksiyon sa pagiging masunurin at isang leksiyon sa pagiging maawain.

5. Ayon sa aklat ng Micas, ano ang tatlong katangian na nagbubuod sa hinihingi ng kautusan?

- Katarungan
- Awa
- Ang mapagpakumbabang paglakad kasama ng Dios

6. Ano ang ibinigay na propesiya patungkol sa kapanganakan ni Jesus sa aklat ng Micas?

Siya ay ipapanganak sa Bethlehem.

7. Para kanino isinulat ang aklat ng Nahum?

Para sa Nineve

8. Ilista ang dalawang katanungan ni Habakuk at ang tugon ng Dios.

Tanong: Bakit umuunlad ang buktot na Juda?

Sagot: Hahatulan ng Babilonia ang Juda.

Tanong: Paano gagamitin ng Dios ang Babilonia upang hatulan ang Juda?

Sagot: Mangyayari iyon ayon sa aking sinabi. Subali't ang matuwid ay mabubuhay ayon sa pananampalataya.

9. Ano ang pangunahing tema ng Zefanias?

Ang Araw ng Panginoon

10. Ano ang limang hakbang na ibinigay para sa pagbibigay-kahulugan sa propesiya sa Lumang Tipan?

- Ang kanilang bayan: Ano ang orihinal na mensahe?
- Ang Ilog: Ano ang mga pagkakaiba sa pagitan ng kanilang mundo at ng ating mundo?
- Ang Tulay: Ano ang prinsipyo sa likod ng orihinal na mensahe?
- Ang Mapa: Paano nakikita ang prinsipyo sa kabuuan ng Kasulatan?
- Ang Ating Bayan: Paano nailalapat ang prinsipyong ito sa ating mundo sa ngayon?

# Leksiyon 14
# Hageo–Malakias

1. Ano ang tatlong suliraning espiritwal na tinukoy ng mga propeta matapos ang pagkakabihag?

- Hindi pa naitatayong muli ang templo.
- Ang pag-aasawa ng hindi mananampalatayang mga Hentil ay nagbunga ng syncretism sa relihiyon. (pinaghalong pagsamba sa Dios at pagsamba sa dios-diosan)
- Maraming Judio ang nabigong ipangilin ang Sabbath.

2. Anong petsa isinulat ang Hageo at Zacarias?

    520 B.C.

3. Nagdala si Hageo ng apat na mensahe. Ilista ang paksa para sa bawat mensahe.

- Mga Prayoridad/mga dapat unahin
- Panghihina ng loob
- Pagsuway
- Takot

4. Ano ang tema ng aklat ni Zacarias?

    Ang Pagpapanumbalik sa Kaharian ng Dios.

5. Ilista ang dalawang propesiya tungkol sa Mesiyas na natagpuan sa Zacarias.

   Kahit aling dalawa:

- Ang matuwid na Sanga.
- Ang nagpapakababang Hari at nakasakay sa isang asno.
- Tinanggihan ang Pastol at ipinagbili sa halagang 30 pirasong pilak.
- Siya ang sinibat sa tagiliran.
- Ang padating na Hukom.

6. Bakit natin pinaniniwalaan na nangaral si Malakias sa pagitan ng 475 at 425 B.C.?

    Tinatalakay/Tinutukoy niya ang parehong kasalanan na binanggit nina Ezra at Nehemias.

7. Ilista ang tatlong bahagi ng bawat “argument/disputation” ng Dios sa Malakias.

- Nagpahayag ang Dios patungkol sa ugali ng Juda.
- Tumugon ang mga tao sa pamamagitan ng isang tanong.
- Tumutugon ang Dios sa tanong.